

# Nagbabalik sa Trabaho

Sa muling pagbubukas ng ekonomiya ng California, nagpapatuloy ang pag-unlad ng trabaho. Matutulungan ka ng Employment Development Department (EDD) na makapaghanap ng mga na-update na kinakailangan para sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho at ikonekta ka sa mga serbisyo para maibalik ka sa ligtas at naaangkop na trabaho.

## Mga Serbisyo sa Trabaho

Nag-aalok sa iyo ang EDD ng mahalagang tulong sa paghahanap ng trabaho nang walang bayad para tumulong na ihanda kang muling pasukin ang puwersa ng manggagawa. Makakatulong ang mga dalubhasa sa trabaho sa mga diskarte sa paghahanap ng trabaho, pagtuturo sa karera, paghahanda ng resume at interbiyu, at pag-access sa mga job fair kasama ang mga programa sa pagsasanay sa trabaho at aprensisya na available sa pamamagitan ng America's Job Center of California<sup>SM</sup>(AJCC). Bisitahin ang aming [Office Locator](#) para makahanap ng mga virtual o in-person na serbisyo sa pakikipagkita na available malapit sa iyo.

## CalJOBS<sup>SM</sup>

Maaari ka ring maghanap at mag-apply para sa mga bakanteng trabaho sa [CalJOBS](#), ang online na sistema ng palitan ng paggawa sa California. Tumutulong ang CalJOBS na maitugma ang mga kuwalipikadong naghahanap ng trabaho sa mga employer at nagbibigay ng mga tool at mapagkukunan para matulungan ka na:

- Gumawa at mag-upload ng maramihang bersyon ng iyong resume para sa mga partikular na trabaho o landas ng karera.
- Makatanggap ng mga awtomatikong alerto sa trabaho sa pamamagitan ng Virtual Recruiter at mag-apply.
- Makatanggap ng mga notipikasyon ng mga bagong bakanteng trabaho sa pamamagitan ng mga mensahe sa text o email.
- Maghanap ng mga programa sa edukasyon at pagsasanay at alamin ang tungkol sa iyong lokal na merkado ng paggawa.
- Tingnan ang mga kaganapan tulad ng mga workshop at job fair ayon sa lokasyon, o magtalaga ng pakikipagkita.
- I-access ang mga kalakaran sa merkado ng paggawa at data ng ekonomiya at demograpiko para suportahan ang iyong paghahanap ng trabaho.

Bisitahin ang [Labor Market Information for Job Seekers](#) para sa tulong sa paghahanap ng mga trabahong kinakailangan ng nakararami. Gumamit ng **Occupational Guides** o **Occupation Profile** para tumulong na galugarin ang mga oportunidad sa karera.

## Kinakailangan sa Paghahanap ng Trabaho para sa Mga Benepisyo sa Kawalan ng Trabaho

Kasalukuyan ka bang nakatatanggap ng mga benepisyo sa kawalan ng trabaho? Kung gayon, ibalik ang pangangailangang maghanap ng trabaho para sa karamihan ng mga naghahabol **simula sa Hulyo 11, 2021**, upang mapanatili ang pagiging karapat-dapat sa mga benepisyo. Inilalapat ang pangangailangan sa paghahanap ng naaangkop na trabahong ligtas na balikan at maihalalintulad sa iyong mga kasanayan, karanasan, karaniwang trabaho, edad, at kalusugan.

May iba't ibang kinakailangan sa paghahanap ng trabaho na inilalapat kung nangongolekta ka man ng mga benepisyo sa regular na kahilingan para sa kawalan ng trabaho o ekstensiyon, o sa Pandemic Unemployment Assistance (PUA).

- Ginawa ang PUA para suportahan ang mga hindi kuwalipikado para sa regular na kahilingan, tulad ng mga empleyado ang sarili o may-ari ng maliit na negosyo. Nakasalalay sa dahilang nauugnay sa pandemyang binanggit kapag nagpapatunay para sa mga benepisyo bawat linggo, maaaring hindi ka available para sa trabaho at hindi maisaklaw sa kinakailangan sa paghahanap ng trabaho para sa linggo. Halimbawa, nagbibigay ka ng pangunahing pangangalaga para sa batang hindi makapasok sa paaralan dahil sa COVID-19 na pangkalusugang kagipitan.

Maaaring makatulong sa iyo ang pagsali sa anuman sa mga aktibidad na nakalista sa likod na pahina para masagot ng "Oo" ang katanungang "Naghanap ka ba ng trabaho?" kapag nagpapatunay para sa mga benepisyo. Ang pagsagot ng "Hindi" ay hahantong sa karagdagang katanungan at posibleng interbyu sa pagiging karapat-dapat para matukoy kung karapat-dapat ka para sa mga benepisyo para sa linggong iyon.

# Paghahanap ng Trabaho na Mga Aktibidad

## Uri ng Kahilingan: Regular Unemployment Insurance (UI) o Extension Claims

**Maghanda para sa Paghahanap ng Trabaho -**  
Mag-set up ng account sa CalJOBS, makilahok sa mga serbisyo ng trabaho, magpaskil ng profile sa iba't ibang available na site ng paghahanap ng trabaho.

### Palawakin ang Iyong Network -

Hayaang malaman ng mga kaibigan, dating employer, at miyembro ng komunidad na naghahanap ka ng trabaho. Makilahok sa pagne-network o mga kaganapan sa job fair o mga samahan.

### Mag-apply para sa Naaangkop na Trabaho -

Mag-apply para sa mga posisyon sa mga employer na maaaring makatuwirang inaasahang magkaroon ng mga bakanteng naaangkop sa iyong mga kasanayan, karanasan, edad, at kalusugan, kabilang ang mga trabaho at pagsusulit sa gobyerno.

### Makilahok sa Pagsasanay -

Sumali sa mga kursong makakatulong sa iyong makakuha ng trabaho at hindi nakakagambala sa iyong kakayahang tumanggap ng naaangkop na full-time na trabaho. Isama ang mga pagpipilian tulad ng mga kurso sa literasiya sa computer o English as a Second Language (ESL).

## Mga Eksemsiyon mula sa Pangangailangan para sa Paghahanap ng Trabaho

Tutukuyin ng EDD kung kuwalipikado ang mga nasa regular o ekstensiyon na kahilingan para sa eksemsiyon mula sa paghahanap ng trabaho na pangangailangan batay sa impormasyong ibinigay kapag nagpapatunay. Kabilang sa mga eksemsiyon:

- Nakikilahok ka sa inaprubahan ng estadong pagsasanay, kabilang an g [California Training Benefits](#) na programa.
- Nakikilahok ka sa naka-sponsor sa employer [Work Sharing](#) programa.
- Bahagi ka ng kasunduan sa unyong namamahala sa mga kinakailangan na paghahanap ng trabaho.
- Mayroon kang tiyak na pangako ng trabaho sa loob ng makatuwirang panahon.
- Pansamantala ang iyong pagkatanggal sa trabaho.
- Ang iyong dalubhasang kakayahan ay may mga limitadong pag-asa ng trabaho.

## Uri ng Kahilingan:

### Pandemic Unemployment Assistance (PUA)

TANDAAN: Kung hindi mo na gustong magpatuloy sa pag-empleyo ng sarili, o dating namamasukan pero hindi karapat-dapat para sa mga regular na benepisyo ng UI, kumpletuhin ang isang aktibidad sa paghahanap ng trabahong nakalista sa kaliwang seksyon.

### Muling itayo ang iyong Negosyo -

Para sa mga available para sa trabaho at empleyado ang sarili, idokumento ang mga pagsisikap para makakuha ng mga bago o karagdagang kliyente, ialok ang iyong negosyo, suriin ang mga kasalukuyang kontrata, at magsaliksik ng mga bago. Maghanda at/o magsumite ng tawad sa kontrata.

### Palawakin ang Iyong Network -

Dumalo sa mga kaganapan sa pagne-network, makilahok sa mga nauugnay na workshop, o palawakin ang negosyo sa kabila ng mga serbisyong karaniwang isinasagawa.

### Magtatag ng Account -

Para sa mga nagsasariling kontratistang available para sa trabaho at lumahok sa online na platform, magtaguyod ng account sa isa pang online na platform para sa trabahong tumutugma sa iyong mga kuwalipikasyon.

### Makilahok sa Pagsasanay -

Magpatala sa mga kurso sa pagsasanay o edukasyong makakatulong sa iyong negosyo at hindi nakakagambala sa kakayahan mong bumalik sa full-time na pag-empleyo ng sarili.

## Mga Serbisyo sa Muling Pagtatrabaho at Pagtatasa sa Pagiging Karapat-dapat

Kapag nagsimulang muli ang kinakailangan sa paghahanap ng trabaho, maaaring makipag-ugnay sa iyo ang EDD sa pamamagitan ng koreo para dumalo sa designasyon sa Reemployment Services and Eligibility Assessment appointment. Nakadiseno ang programang ito para suportahan ang mga kostumer na nakatatanggap ng mga benepisyo sa UI sa muling pagpasok sa puwersa ng manggagawa sa mga workshop at naisapersonal na pagsusuri sa pagiging karapat-dapat. Kung napili para lumahok, dapat kang dumalo sa designasyon at kumpletuhin ang mga pasunod na serbisyo ng programa. Maaaring makaapekto ang kabiguang magawa ito sa iyong mga benepisyo.

Bisitahin ang [Jobs Seekers: Returning to Work](#) para sa higit pang impormasyon.